# PAUNAWA AT AGENDA REGULAR NA PULONG NG KOMISYON SA PAGPAPLANO NG LUNGSOD NG NORTH LAS VEGAS

CITY OF NORTH LAS VEGAS

Nobyembre 8, 2023

Website - http://www.cityofnorthlasvegas.com

## PAGSISIMULA NG PULONG

5:30 P.M., Council Chambers, City Hall, 2250 Las Vegas Boulevard North, North Las Vegas, Nevada 89030

## MALIGAYANG PAGDATING

Malugod na tinatanggap ng Komisyon sa Pagpaplano ng North Las Vegas ang bawat isa isa inyo sa kanilang pulong. Nagpupulong ang Komisyon sa Pagpaplano tuwing ikalawang Miyerkules ng buwan sa ganap na 5:30 P.M. sa Bulwagang Pulungan ng Konseho, sa Tanggapan ng Lungsod ng North Las Vegas; ngunit maaaring magbago ang petsa o oras, o maaaring magpatawag ng mga karagdagang pulong sa iba pang pagkakataon. Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod, o abangan ang mga ipapaskil na agenda para sa iba pang pulong.

Nagpupulong ang Komisyon sa Pagpaplano ng North Las Vegas sa Bulwagang Pulungan ng Konseho ng Lungsod at maaaring pumunta rito ang kahit na sino. Kung kailangan mo ng espesyal na tulong upang makadalo at makalahok sa pulong ng Komisyon sa Pagpaplano, mangyaring tumawag sa Relay Nevada, isang libreng tagapagkaloob ng serbisyo para sa bingi, mahina ang pandinig, deaf blind,o nahihirapang makipag-usap sa telepono, sa pamamagitan ng pag-dial sa 711. Tumawag nang hindi bababa sa 72 oras na mas maaga sa pulong upang makausap ang mga tanggapan ng Lungsod at maisumite ang iyong mga komento sa mga item sa agenda.

Ikinalulugod ng Lungsod ng North Las Vegas na makapagbigay ng mga AI-powered na serbisyo ng interpretasyon sa pamamagitan ng Wordly. Nagbibigay ang Wordly ng mga real-time na serbisyo ng interpretasyon para sa bawat nakaiskedyul na pampublikong pulong ng Lungsod para makapili ang mga kalahok mula sa English o Spanish na interpretasyon sa pamamagitan ng audio sa isang mobile device o visual na transcript sa isang mobile device. Upang ma-access, i-scan ang QR Code sa kaliwa, o sumali sa pamamagitan ng https://attend.wordly.ai/join/ZUHF-5506, pumili ng wika, at i-click ang dumalo.

Magkakaroon ng mga kopya ng agenda sa araw ng pulong sa pasilyo sa labas ng Bulwagang Pulungan ng Konseho o nang online sa www.cityofnorthlasvegas.com sa ilalim ng Mga Pulong at Agenda; o sa website ng Estado ng Nevada sa https://notice.nv.gov/. Magpapaskil ng kopya ng agenda sa Tanggapan ng Lungsod para makita ng mga tao.

Maaaring mag-alis ng mga item sa agenda kapag iniatas na gawin iyon. Maaaring pagsamahin ang dalawa o higit pang item sa agenda para sa pagpapasya ukol dito o maaaring mag-alis ng mga item sa agenda o ipagpaliban ang talakayan sa ibang petsa. Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa agenda na ito o para sa pansuportang materyal, mangyaring makipag-ugnayan kay Jackie Rodgers, Klerk ng Lungsod sa (702) 633-1030. Maaari kang magbigay ng mga komento online o sa pamamagitan ng email bago ang pulong. Makikita ang impormasyon para sa pagsusumite ng mga komento sa website ng Lungsod.

Kung dadalo ka sa pulong at may gusto kang ipahayag tungkol sa isang partikular na item, mangyaring punan ang isa sa mga asul na kard na makikita sa mesa sa labas ng pangunahing pasukan papunta sa Bulwagang Pulungan ng Konseho o sa podium rail sa loob ng Bulwagang Pulungan ng Konseho at isumite ang kard sa Klerk ng Lungsod. HInihiling namin na limitahan mo ang iyong mga komento sa loob ng wala pang tatlong minuto at iwasan ang pag-uulit. Kung dadalo ka sa pulong nang personal, hinihiling din namin na alisin mo ang iyong sumbrero at/o salamin, kung naaangkop, bago magsalita sa harap ng Komisyon sa Pagpaplano.

Nakasaad sa Kodigo ng Munisipyo ng North Las Vegas (NLVMC) 2.04.150(C) na ang sinumang magbibigay ng personal, walang galang, mapanirang-puri, o bastos na pahayag o sadyang magtataas ng boses, magbabanta o magpapahayag ng mapang-abusong pananalita, o magsasagawa ng anumang panggugulo na makakahadlang, makakaantala, o makakaabala sa maayos na takbo ng pulong ay patitigilin ng namumunong opisyal. Kung magpapatuloy ang naturang panggugulo, maaaring pagbawalan ng namumunong opisyal ang nanggugulong tao na dumalo sa natitirang bahagi ng pulong. Nakasaad sa NLVMC 2.04.150(D) na hindi dapat magsagawa ang mga taong dadalo sa pulong ng panggugulong gaya ng pagpalakpak, pagpadyak, pagpito, paggamit ng bastos na pananalita, pagsigaw, at iba pang katulad nito na makakagambala sa katahimikan at kaayusan ng pulong.

Maaaring personal na mapanood ang mga pagdinig na ito sa Bulwagang Pulungan ng Konseho o nang live online sa website ng Lungsod. Ipa-publish ang video ng pulong sa Portal para sa Access ng Publiko ng Lungsod sa araw pagkatapos ng pulong.

Ipinaskil ang Paunawa at Agenda na ito bago pa ang tatlong araw bago ang pulong, sa City of North Las Vegas City Hall, 2250 Las Vegas Blvd. North; City Clerk’s Office, Suite 800, sa website ng Lungsod sa ilalim ng Mga Pulong at Agenda, at sa website ng Estado ng Nevada.

## PAGKUMPIRMA NG PAGSUNOD SA BATAS SA BUKAS NA PULONG

## PANATA NG KATAPATAN - SA PAMAMAGITAN NG IMBITASYON

## PAMPUBLIKONG FORUM

*Ito ang una sa dalawang bahagi ng Komisyon sa Pagpaplano na nakalaan sa Publiko. Dapat limitahan ang komento ng publiko sa bahaging ito ng agenda sa mga usapin sa agenda na dapat aksyunan. Pagkatapos punan at isumite ang asul na kard para sa speaker, mangyaring pumunta sa podium kapag tinawag ng Tagapamuno. Mangyaring isaad ang iyong pangalan at address para sa rekord. Para sa kapakanan ng iba pa, hinihiling namin na mangyaring limitahan mo ang iyong mga komento sa tatlong minuto at iwasan ang pag-uulit.*

## AGENDA

1. Agenda ng Regular na Pulong ng Komisyon sa Pagpaplano sa Nobyembre 8, 2023. (Para sa Posibleng Aksyon; Rekomendasyon – Pag-apruba)

## AGENDA SA PAGPAPAHINTULOT

2. Mga Minute ng Regular na Pulong ng Komisyon sa Pagpaplano sa Oktubre 11, 2023. (Para sa Posibleng Aksyon; Rekomendasyon – Pag-apruba)

## BUSINESS

3. **FDP-10-2023 DORRELL AND COMMERCE.** Aplikante: Greystone of Nevada. Kahilingan: Pinal na plano ng development sa isang PUD/PID (Distrito ng Planned Unit Development / Distrito ng Planned Infill Development) para mag-develop ng 30-lot single-family residential subdivision na mayroon nang multi-tower na telecommunication facility. Lokasyon: Northwest na kanto ng Commerce Street at Dorrell Lane. (APN 124-22-101-014 at 124-22-101-015). Ward 4. (Para sa Posibleng Pagkilos)

4. **FDP-09-2023 1615 PECOS REMODEL.** Aplikante: Manuel Navar. Kahilingan: Pinal na plano ng development sa isang PUD (Distrito ng Planned Unit Development) para mag-develop ng service facility para sa sasakyan, bangka at RV. Lokasyon: Northwest na kanto ng Pecos Road at Owens Avenue. (APN 139-24-813-060). Ward 1. (Para sa Posibleng Pagkilos)

5. **ZOA-02-2023 TINY HOMES (Pampublikong Pagdinig).** Aplikante: Lungsod ng North Las Vegas. Kahilingan: Para magdagdag ng maliliit na provision sa bahay sa Titulo 17 (Ordinansa ng Zoning), at pagbibigay para sa iba pang usaping wastong nauugnay rito. BUONG LUNGSOD. (Para sa Posibleng Pagkilos)

## MGA ITEM NG STAFF

## MGA ITEM NG KOMISYON

## PAMPUBLIKONG PULONG

*Ito ang pangalawang bahagi ng Komisyon sa Pagpaplano na nakalaan para makapagsalita ang Publiko tungkol sa anumang paksa na nasasakupan ng hurisdiskyon, kontrol, o awtoridad ng Komisyon sa Pagpaplano. Pagkatapos punan at isumite ang isang asul na kard para sa speaker, mangyaring pumunta sa podium kapag tinawag ng Tagapamuno. Wala sa mga usaping ipaparating sa Pampublikong Forum ang magiging paksa para sa deliberasyon o aksyon ngunit maaaring idulog ang mga ito sa Opisyal na Pampangasiwaan ng Lungsod para maaksyunan sa ibang petsa. Mangyaring isaad ang iyong pangalan at address para sa rekord. Para sa kapakanan ng iba pa, hinihiling namin na mangyaring limitahan mo ang iyong mga komento sa tatlong minuto at iwasan ang pag-uulit.*

## PAGPAPATULOY SA SUSUNOD NA PULONG

Itatabi ng Klerk ng Lungsod ang opisyal na rekord ng lahat ng napag-usapan ng Komisyon sa Pagpaplano. Upang mapanatili ang kumpleto at tumpak na rekord ng lahat ng napag-usapan, dapat isumite sa Klerk ng Lungsod ang anumang larawan, mapa, chart, o iba pang dokumentong ginamit sa anumang presentasyon sa Komisyon sa Pagpaplano. Kung ipapamahagi ang mga materyal sa mga miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano, mangyaring magbigay ng labintatlong kopya para sa pamamahagi sa Tagapamahala ng Pagpaplano, Abogado ng Lungsod, Klerk ng Lungsod, at Staff.